Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION VIII
SCHOOLS DIVISION OF BAYBAY CITY

## ADVISORY

**Division Advisory Blg. 075, s. 2026**
**Hulyo 23, 2026**

Ayon sa pagpapatupad ng Deped Order (DO) No. 8,s. 2013
Ang advisory na ito ay hindi pag eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
Ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
At kawani ng Kagawaran ng edukasyon, at ng mga mamamayan.

## PANREHIYONG SEMINAR-WORKSHOP SA KORESPONDENSIYA OPISYAL

Kalakip nito ang Deped Regional Advisory No. 110,s. 2026 hinggil sa Paanyaya ng Pamantasang Normal ng Leyte- Sentro ng Wika at Kultura at Katuwang ng Komisyon sa Wikang Filipino ay magsasagawa ng Panrehiyong Seminar-Workshop sa Korespondensiyang Opisyal ngayong ika 25-26 ng Hulyo 2026 sa Leyte Normal University Research, Extension and Innovation Center, Brgy. Baras, Government Center, Palo, Leyte.

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa kalakip na tuntunin.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa Deped Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged on Task and Ensuring Compliance Therewith.*

**MANUEL P. ALBAÑO PhD, CESO V**
Schools Division Superintendent

BAYBAY CITY DIVISION
RELEASED
DATE: JUL 27 2026
BY: 9:10
BAYBAY CITY, LEYTE

Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION VIII - EASTERN VISAYAS

**Advisory Blg. 110, s. 2026**
**Hulyo 20, 2026**

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal,
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Bisitahin ang deped.im/ro8issuances)

**PANREHIYONG SEMINAR-WORKSHOP SA KORESPONDENSIYA OPISYAL**

Ang Pamantasang Normal ng Leyte-Sentro ng Wika at Kultura at katuwang ng Komisyon sa Wikang Filipino ay magsasagawa ng Panrehiyong Seminar-Worshop sa Korespondensiya Opisyal ngayong 25-26 ng Hulyo 2026 sa Leyte Normal University Research, Extension, and Innovation Center, Brgy. Baras, Government Center, Palo, Leyte.

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa kalakip na liham.

Ang partisipasyon ng mga ~~guro at~~ mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Dahil sa ito ay isa lamang advisory, ang lahat na Pansangay na Tagapamanihala ay binibigyang kalayaan na magbigay nga karampatang pagdedesisyon ukol dito.

CLMD-DGA

DEPARTMENT OF ...
110
By: 7/24

Republic of the Philippines
LEYTE NORMAL UNIVERSITY
Excellence • Integrity • Service
Paterno St., Tacloban City 6500

26 Hunyo 2026

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
RECORDS SECTION REGIONAL OFFICE NO. VIII
DATE: 7-14-26
TRACKING #: 8292 TIME: 10:30am
SIGNATURE:

**Dir. SALUSTIANO T. JIMENEZ, CESO III**
DepEd, Panrehiyong Direktor
Kagawaran ng Edukasyon,
Lungsod Tacloban

RECEIVED 7/14/26 4:10pm
OFFICE OF THE ASST. REGIONAL DIRECTOR

Mahal na Dir. Jimenez:

Pagbati ng kapayapaan at makabuluhang paglilingkod!

Alinsunod sa Executive Order No. 335, na pormal na nag-aatas sa lahat ng kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, at instrumentality ng pamahalaan na magsagawa ng mga hakbang na kailangan para sa layuning MAGAMIT ANG FILIPINO SA MGA OPISYAL NA TRANSAKSIYON, KOMUNIKASYON, AT KORESPONDENSIYA. Kung kaya, ang LNU_ Sentro ng Wika at Kultura katuwang ng Komisyon sa Wikang Filipino ay magsasagawa ng **Panrehiyong Seminar-Workshop sa Korespondensiya Opisyal sa darating na 25-26 Hulyo 2026 sa Leyte Normal University Research, Extension, and Innovation Center, Brgy. Baras, Government Center, Palo, Leyte**. Lalahukan ito ng mga guro at kawani mula sa Kagawaran ng Edukasyon, Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon, at iba pang mga tanggapan at ahensiya ng pamahalaan sa rehiyon 8 at iba pang karatig na rehiyon.

Layunin ng seminar na ito na mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga administrador, kawani, guro at iba pang propesyonal sa paggamit nang angkop na pamantayan sa paghahanda, pagsulat ng opisyal na dokumento at komunikasyon gamit ang wikang Filipino at maisagawa nang wasto ang paghahanda ng mga liham, memorandum, endoso, kautusan, sertipikasyon, at iba pang opisyal na dokumento sa iba't ibang anyo ng opisyal na komunikasyon.

Kaugnay nito, magalang po naming hinihiling ang pagpapalabas ng ***DepEd Advisory*** upang maipabatid sa mga pampubliko at pribadong pararalan sa Rehiyon VIII ang naturang seminar at mahikayat ang kanilang pakikilahok.

Kalakip po ng liham na ito ang mga kopya ng poster ng mga tagapanayam mula sa Komisyon sa wikang Filipino.

Lubos po kaming umaasa sa inyong positibong pagtugon sa kahilingang ito. Kung kinakailangan pa ng karagdagang impormasyon o mga dokumento, maaari po ninyo kaming tawagan sa 09479664634 o kaya ay mag-email sa rowena.ariaso.swk@gmail.com. Ang huling araw ng pagpapatala ay sa 16 Hulyo 2026.

Maraming salamat po sa inyong patuloy na suporta sa mga programang nagtataguyod ng pagpapaunlad ng wika at kahusayang propesyonal.

Maraming salamat.

Lubos na gumagalang,

**ROWENA N. ARIASO, PhD**
Direktor, Sentro ng Wika at Kultura/
Center for Language and Cultural Studies

Pinagtibay ni:

**Engr. GIL NICETAS B. VILLARINO, PhD**
Pangulo, Leyte Normal University
Lungsod Tacloban

REPUBLIKA NG PILIPINAS
LEYTE NORMAL UNIVERSITY
SENTRO NG WIKA AT KULTURA
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
PANANALIKSIK AT EKSTENSIYON
BSED FILIPINO PROGRAM
CENTER FOR CONTINUING EDUCATION AND LIFELONG LEARNING (CCELL)

# PANREHIYONG SEMINAR-WORKSHOP PARA SA PAGHAHANDA NG
# KORESPONDENSIYA OPISYAL 2026

## Wasto, Propesyonal, at Epektibong Komunikasyon: Kasanayan sa Makabagong Panahon

Isang makabuluhan at praktikal na pagsasanay para sa mga guro, tagapangasiwa, empleado, at estudyanteng nagnanais paunlarin ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng mga opisyal na sulatin.

## Mga Natatangi at Batikang Tagapanayam



**Atty. MARITES A. BARRIOS- TARAN**
Tagapangulo, Komisyon sa Wikang Filipino

"Atas Tagapagpaganap Blg. 335 o Executive Order No. 335"



**Dr. CARMELITA ABDURAHMAN**
Komisyoner para sa Programa at Proyekto

Mensahe



**Dr. BENJAMIN M. MENDILLO Jr.**
Language Translation Practioner

"Batayang Kasanayan sa Pagsasalin"



**Dr. JOSE EVIE G. DUCLAY**
Linquistics Specialist
Komisyon sa Wikang Filipino

"Ortograpiyang Pambansa"



**JOMAR I. CANEGA**
Chief Language Researcher,
Punó ng SLPP,
Komisyon sa Wikang Filipino

"Korespondensiya Opisyal"



**PATRICK BRYAN Q. ABLAZA**
Senior Deaf Advocacy Officer,
Komisyon sa Wikang Filipino

"Filipino Sign Language (FSL)"

25–26 HULYO 2026

8:00 nu–5:00 nh

RESEARCH, EXTENSION, AND INNOVATION CENTER, LNU
BRGY. BARAS, GOVERNMENT CENTER, PALO, LEYTE